REP. TINIO. Hindi po maaaring ma-curtail ang karapatang magsalita ...

REP. MARCOLETA. ... under Committee Resolution No. 752, and for which reason ...

REP. TINIO. ... ng Miyembro sa anumang bagay.

REP. MARCOLETA. ... I move that we recognize the Hon. Raymond Mendoza, Mme. Speaker.

REP. TINIO. At hindi po point of order ang aking hinihingi. Kaya, Mme. Speaker, ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.) The Honorable Mendoza is recognized.

REP. TINIO. ... pahintulutan ninyo po—kilalanin ninyo po ang karapatan ko; otherwise, I will be constrained.

I move to adjourn, Mme. Speaker.

SUSPENSION OF SESSION

REP. MARCOLETA. Suspend.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The session is suspended.

It was 3:58 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 4:00 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The session is resumed.

The Majority Leader is recognized.

REP. MARCOLETA. Mme. Speaker, may we recognize the Hon. Antonio L. Tinio for his manifestation for five minutes.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The Honorable Tinio has five minutes for his manifestation.

REP. TINIO. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Please proceed.

MANIFESTATION OF REF. TINIO

REP. TINIO. Thank you.

I have risen on the basis of the privilege given to me in Section 102 of the rules which allows any Member to speak on any matter—urgent matters directly and principally affecting the duties, conduct, rights, privileges, dignity, integrity, or reputation of the House or of its Members, individually or collectively. I just want to put that on record, Mme. Speaker.

Ngayon, Mme. Speaker, si Congressman Andaya, pinahintulutan mo pong magsalita hinggil sa wastong interpretasyon, ayon sa kanya, ng Rule II ng Rules of the House. Ito iyong may kinalaman sa Membership. Kasama na rin po rito iyong Speakership at composition ng Majority at Minority. At ayon po sa kanyang interpretasyon—ang interpretasyong ito ang siyang pinanigan ng Mayorya nang magkaroon ng botohan kahapon na hindi raw nag-a-apply ang Rule II sa usapin ng Speakership, sa pagpili ng Speaker at pagdedetermina at pagkilala kung sino ang Minority at Majority. Hindi raw nag-a-apply iyong Rule II, sabi nila. Iyong Rule II daw, mag-a-apply lang sa simula ng Kongreso, na sa unang pagbuo ng Kongreso, sa unang pagpili ng Speaker at pagtakda kung sino ang Majority at Minority, pero dahil iyong naganap na pagbabago ng leadership ng House kamakailan, hindi ito ang una, kaya hindi na raw nag-a-apply iyong Rule II.

I beg to disagree, Mme. Speaker. Unang-una, kung babasahin natin iyong Rule II, kahit isang salita o linya rito ay wala kayong makikitang sinasabi na nag-a-apply lamang ang mga rules na ito sa pagpili ng Speaker, at pagkilala ng Majority at Minority sa simula

ng sesyon ng Kongreso. Nowhere does it say that this will only apply to the initial organization of Congress, of the House. Wala pong sinasabing ganoon. So, dahil walang sinasabing ganoon, ang natural at wastong interpretasyon ay, ang rules na ito ay mag-a-apply sa lahat ng kaso ng pagpili ng Speaker, at pagdetermina kung sino ang nasa Majority at sino ang nasa Minority. Ganoon lang po kasimple iyon.

So, sina Congressman Andaya po ang nag-imbento, nagdadagdag at nag-aamyenda sa rules kapag sinasabi nila na limitado lamang ang rules sa inisyal na pagpili ng Speaker. So, malinaw po sa ating rules na sa lahat ng kaso ng pagpili ng Speaker, ito ang rules na gagabay. Ang ibig pong sabihin nito, everytime, sa bawat pagkakataon na may pagpili ng Speaker, magkakaroon po ng pagbubuo ng bagong Majority at dahil doon magkakaroon din ng bagong Minority.

There will be a reconstitution of the Majority if there is an election of a new Speaker. Ibig pong sabihin, iyong Mayorya na naghalal kay dating Speaker Pantaleon Alvarez ay iba po, hindi pareho sa Mayorya na naghalal kay bagong Speaker Gloria Macapagal-Arroyo. Napaka-obvious po niyan, kahit sa bilang, kahit sa mga tau-tao, ibang-iba po iyan.

Si Speaker Alvarez, if I am not mistaken, nahalal siya with something like a majority of 200, I think, 203 or 214; samantalang si Speaker Arroyo ay nahalal ng Mayorya na binubuo lamang ng 184. So, malinaw po sa bilang pa lang, iba na iyong Mayorya noon sa Mayorya ngayon. At malinaw din naman, given na 293 po ang Miyembro natin, kung sakaling hindi nakaabot sa 50 percent plus one ang bumoto para kay Congresswoman Arroyo, hindi po siya nakakuha ng Majority; therefore, hindi siya magiging Speaker. So, iyon po ang ibig sabihin niyan. Kailangang makapagpakita ng bagong Mayorya ang sinuman bago siya maging Speaker at ganoon po ang nangyari noong gabing iyon nang mahalal si Speaker Arroyo bilang bagong Speaker. So, may bagong Mayorya. Iba na po ang Mayoryang ito sa Mayorya noong nakaraan, at dahil iba ang Mayorya, iba na rin ang Minority.

Malinaw po na kasama sa 184 na bumuo sa Majority na sumusuporta kay Speaker Arroyo, kasama po diyan si Cong. Danny Suarez. So, hindi na po siya bahagi ng Minority. Hindi po natin masasabing iyong pagkahalal niya, iyong pagboto niya para kay Congresswoman Arroyo ay hindi makakaapekto sa posisyon niya bilang Minority Leader sa ilalim ni Speaker Alvarez. So, iyon po ang nais lang po nating idiin dito. At maidagdag ko na rin po, ibig sabihin nito, kung mayroon nang bagong Mayorya, nalusaw na iyong dating Mayorya, nalusaw na rin iyong dating Minority. Nabanggit ko na po. Kaya rin po, para sa atin, wala pong maaaring tuntungan iyong posisyon ng ibang mga kasamahan natin lalo na si Congressman Eugene De Vera na sinasabi niya na

nananatili siya o siya ang tanging natira sa Minority, kaya siya ang lehitimong Minority Leader. Nalusaw na rin po iyon nang magkaroon ng halalan para sa bagong Speaker. May bago nang Majority, may bago nang Minority.

Tama po iyong sinasabi ng marami. Only in the Philippines. Mayroon po tayong Minority Leader na bahagi ng pinili ng Mayorya. At dahil iyan sa baluktot, mali at hindi makatuwirang interpretasyon sa ating mga rules. Iyon lang po ang gusto nating idiin.

Maraming salamat po, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The Majority Leader is recognized.

REP. MARCOLETA. Mme. Speaker, I move to refer the speech of the Honorable Tinio to the Rules Committee.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The speech of the Honorable Tinio is referred to the Rules Committee.

The Majority Leader is recognized.

REP. MARCOLETA. Mme. Speaker, we would like to acknowledge the presence of our special visitors. They are Mrs. Jing Rodriguez, wife of Cong. Maximo B. Rodriguez Jr.; Mrs. Janice Salimbangon, wife of Cong. Benhur L. Salimbangon; (*Applause*) Mrs. Lournal Pal Jalosjos, wife of Cong. Seth Frederick P. Jalosjos; Mrs. Dolly Alvarez, mother of Deputy Speaker Mercedes K. Alvarez; (*Applause*), and last, but not least, Mme. Speaker, Mrs. Tessie Daza, the wife of Cong. Raul A. Daza.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). We welcome our dear Congressional spouses to the House of Representatives. Thank you for your visit. (*Applause*)

The Majority Leader is recognized.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker, Mme. Speaker.

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we recognize ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Yes. What is the pleasure of the Honorable Atienza?

REP. ATIENZA. We would like to ask for three minutes to bring to the attention of Congress something that may affect everyone's right with regard to driving our own cars.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The Honorable Atienza has three minutes.

REP. ATIENZA. Salamat po.

Ito po ay kailangang dalhin ko dito sa ating kaalaman ang isang nabubuo at namumuong patakaran sa paggamit ng ating mga lansangan at sa paggamit ng ating sariling sasakyan, sapagkat ako po ay nag-monitor ng meeting ng mga alkalde na ang MMDA o ang Metro Manila Development Authority ang siyang namumuno. Narinig ko po iyong sinabi ng General Manager ng MMDA na ikino-consider nila na ang ating mga sasakyan ay hindi na padaanin sa EDSA kapag isa lang ang sakay. Sa madaling salita, kung nagmamaneho si Congressman Daza at siya lang mag-isa, baka hindi na padaanin sa EDSA dahil mag-isa siya eh. Tayo ay ganoon din, kayo ay ganoon din. Kapag hindi natin kinontra ito ngayon at malaman ng lahat na heto na naman, karapatan natin ang aalisin sa halip na magtrabaho itong mga kinaukulan ay baka sa bandang huli, tayo po naman ang magulat na muli. Habang tayo ay nagdedebate dito sa mga paksang makabubuti sa bayan, sila po naman ay nagpapalano kung papaano tayo aalisin ng ating kapangyarihan.

We admit that there is a traffic problem. It is so acute that it hampers the economy because the government has failed to address the problem effectively. Now, they would like us—ang sabi nga noong GM ng MMDA, tinitingnan po namin ang bawat kotse, madalas isa lang ang nakasakay, iyong nagda-drive. Tama. Eh, kung si Congressman Salon eh nagmamaneho ng kotse niya, eh di isa lang ang sakay. Iyan ay hindi tama. We have to address the problem to reduce the volume of vehicles using the main highway of EDSA.

Ang masakit po ay ito. Dapat sana ay makisama ang lahat, sabi niya. Ito ay para sa atin. Hinihingan ko po ng sakripisyo ang bawat Pilipino na tayo ay huwag nang gumamit ng EDSA kung mag-isa lang sa kotse. Ang tanong ko po ay, iyon po ba ang kanilang nakikita? Tayo na naman ang sisihihin sa problemang hindi nila inaasikaso? Ito lang po ba ang nakikita nilang solusyon? Binigyan na tayo ng coding, ngayon ay bibigyan naman tayo ng limitation of our right to drive our own cars. Eh, papaano iyong walang driver? Papaano iyong iisa lang ang driver? Kaya ito po ay dinadala ko sa inyong kaalaman. Baka lumabas ito ay formal ruling na ng Metro Manila Council, na sasabihin nila na ito ay patakaran nang kailangang sundin.

Before it is too late, this Representation will take action, so that this kind of plan will not pursue at tayo na naman ang pagdusahin. Ang aking hinihiling, ang akin pong panawagan sa kanila, kay General Manager Jojo Garcia, at iyong ating Chairman Danny Lim, mag-aral kayong mabuti sa inyong tungkulin upang mabigyan ng solusyon ang traffic conditions at hindi iyong aalisin na naman ng karapatan ang pangkaraniwang Pilipino.

Sinasabi ninyo, dumaan sa mga side streets. Hindi po madadaan ang mga side streets, kadalasan po barado. Sabi ng mga mayor sa pulong nila kahapon,

iyon daw ang solusyon. Ang mungkahi ko po sa kanila, linisin ninyo ang mga side street, alisin ninyo ang mga ilegal diyan, bigyan ninyo po ng daan upang magamit natin ang mga alternative route papunta po sa ating paroroonan.

It is not enough to appeal to our patriotic sense, we are all patriotic. Sila po ang masasabi kong may pagkukulang ng pagmamahal sa bayan. Wala po silang nakikita kung hindi parusahan ang karamihan samantalang tuluy-tuloy ang ilegal sa lansangan.

I am pointing out and I will continue pointing out the illegally situated terminals along EDSA. Forty-seven of them are still operating and they are not doing anything about it. They are merely saying “this is a problem that we cannot just solve.” The provincial buses that ply EDSA continue to multiply and they cannot say anything but “it is very difficult to remove these buses because people would like to take their bus ride to the province along EDSA.” Napupuna ko po tuwing pupunta ako sa ating Kongreso, kapag wala po ang bus at nililinis nila ang EDSA, mabilis po ang biyahe natin. From my home in Manila up to here, it takes me only about 40 minutes, pero kapag puno ng bus at pinakakawalan po nila ito at certain times of the week, certain days of the week, dalawang oras ang pinakamababang gugugulin natin sa lansangan. Hindi ko po makakalimutang banggitin paulit-ulit, iyon pong terminal sa Buendia, Taft Avenue, ay ilegal—ilegal as in ilegal. Bakit? Iyong lansangan na ginagawang terminal ng 10 bus companies, hindi ba nila ito nakikita? Nobody sees this in the government of Pasay and the government of Metro Manila? I call their attention to heed because before you ask us to sacrifice again, you do your job first. Magtrabaho kayo at huwag kami ang tingnan ninyo. Tingnan ninyo ang korapsyon sa lansangan. Tingnan ninyo ang pagpapatakbo ng traffic ng inyong mga enforcer. Tingnan ninyo ang kurakot na nangyayari araw-araw. Palagay ko, bago ninyo pairalin iyong ganyang uri na baluktot na pag-iisip na kami na naman ang hihingan ninyo ng sakripisyo, mahiya-hiya kayo sapagkat nakakahiya na tingnan ninyo ang iba samantalang kayo ay hindi nagtatrabaho. Magaling lang kayo sa radyo, magaling kayo sa press release, hindi kayo magaling sa trabaho.

Iyan po ang aking panawagan sa inyo. Before it is too late, let us all act as I will file a resolution to counter this kind of measure. You cannot continue depriving the private individual the use of motor vehicles. Lahat tayo ay nag-iisip magkaroon ng kanyang sariling kotse, nag-iipon tayo. At kapag tayo po ay nakabili na, hindi na magagamit sapagkat ipagbabawal kapag isa lang ang sakay ng isang sasakyan.

So, I am appealing to the Members of Congress, support this resolution and we will definitely make a stand that the government should do its job. Kung sinasabi ninyong ilegal ang terminal, tapusin po ninyo ang usapin at huwag ninyo kaming tingnan. The

more you look at us and stare at us and deprive us of our rights, the more the problems will grow and the economy will suffer.

Maraming, maraming salamat po dito sa pagkakataong ito.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.) The Majority Leader is recognized.

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we refer the speech of the Honorable Atienza to the Committee on Rules.

I so move.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.) The speech of the Honorable Atienza is referred to the Committee on Rules.

The Majority Leader is recognized.

CONSIDERATION OF H.B. NO. 7773

Continuation

PERIOD OF SPONSORSHIP AND DEBATE

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we proceed with the Unfinished Business. Mme. Speaker, I move that we resume the consideration of House Bill No. 7773 on Second Reading. Our parliamentary status is that we are in the period of sponsorship and debate. I move that we recognize the author of the said measure or the Sponsor of the said Bill, the Hon. Raymond Democrito C. Mendoza of Party-List TUCP.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.) Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretary General is directed to read the title of the measure and the Chairperson of the Committee is recognized to sponsor the measure.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 7773, entitled: AN ACT INSTITUTIONALIZING THE PANTAWID PAMILYANG PILIPINO PROGRAM (4Ps) TO REDUCE POVERTY AND PROMOTE HUMAN CAPITAL DEVELOPMENT AND PROVIDING FUNDS THEREFOR.

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we recognize the Hon. Arlene D. Brosas of Party-List GABRIELA for her interpellation.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.) The Lady is recognized to interpellate the Sponsor of the measure.

REP. BROSAS. Thank you, Mme. Speaker. Will the Sponsor yield to some clarificatory questions?

REP. MENDOZA. Yes, Mme. Speaker. We are ready. Good afternoon.

REP. BROSAS. Yes, Mr. Sponsor, ilang katanungan lang po kaugnay dito sa Bill na ito. Sa mga nakaraang hearing ng House Committee on Poverty Alleviation, binanggit ng DSWD na mayroong third wave ng evaluation ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps, at kumustahan ng mga benepisyaryo ng 4Ps.

Ano ang update dito at ano po ang major findings ng ahensya? Paitiisin ko po, ano ang findings at assessment ng 4Ps since implementation nito noong 2008?

REP. VILLARIN. Mme. Speaker, on behalf of our Chair and being a coauthor of the measure, may I be allowed to address the interpellant.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Please proceed.

REP. VILLARIN. Base po sa the third assessment ng DSWD, the release of that assessment ay mangyayari pa lang sa November. Ongoing pa po iyong sinasabinating assessment.

REP. BROSAS. Mme. Speaker, wala pa po tayong datos pero magpapasa na tayo ng batas kaugnay dito? For example, sa mga sinasabing nakatawid, ano na po iyong kalagayan ng apat na milyong transitioning families na ini-report ng DSWD nang nakaraan?

REP. VILLARIN. Doon po sa mga naging assessment, pagtatasa, mayroon tayo noong 2012 at noong 2014. Doon sa first wave po ng assessment, ang sinasabi doon sa pagtatasa ay malaki ang naitulong sa beneficiaries, specifically on funds released for education and health. For the second wave, the targeted beneficiaries, doon po sa pagtatasa ay mas maraming mga nanay ang nag-avail ng pre-natal care, and 7 in every 10 births ang kadahilanan ay attributed sa programa ng 4Ps. Ibig sabihin, sa second wave of assessment, napatunayan na mas maraming mga nanay ang nakilahok sa programa at regular na nagpapa-checkup, at 7 sa bawat 10 births are because regular po silang nagpapatingin sa ating health facilities. By extending aid from home to school, it remains on track with keeping our school children healthy and in school. It also promotes mga programa na so-called facility-based deliveries. It also improves children's access to health care services. Especially now we are transitioning to the K to 12 Program, mas marami po ang gustong mag-aral, mag-enroll for secondary education, meaning, may intent na mag-enroll na rin sa Senior High

School. The investment on education, napatunayan din po sa assessment na mas maraming household ang nag-invest for the education of their children.

In fact, sa agriculture sector po, may notable decline daw sa agricultural labor sa kadahilanan ng 4Ps. Instead na ang mga bata ang rural household na hindi paaaralin kasi tutulong sa agricultural labor, sila po ay mas pumapasok na sa eskuwelahan rather than take on jobs sa agriculture sector na alam naman nating napakababa ang pasahod. Meaning, it could be seen in the agriculture sector, parang bumaba iyong labor employment dahil nga mas marami na ang nag-aaral. Ang karamihan po sa mga na-assist o naa-assist, ang general po na pananaw nila, ang gusto ng mga magulang is to aspire for a better future for their children.

Iyon po ang mga summary ng pagtatasa, and we have kumbaga a segmented assessment like impact on education for 3-to-5-year-old children, 6-to-11-year-old children and 12-to-14-year-old children. So meaning, mataas po ang impact by year and by grade. For 3-to-5-year-old children, tumaas po ng 7 to 11 percentage points; 6-to-11-year-old children, tumaas ng 5 percentage points; for 12-to-14-year-old children, tumaas ng 6 percentage points; and 8 percentage points po naman, in general, for all the children.

On the impact on health, the summary of the assessment pointed out that there was an increased avilment of basic health services and reduced severe stunting for young children, compared to non-CCT beneficiaries with similar demographic and socio-economic characteristics. Again, even in the impact on health, there is a segmented assessment made. On the 4Ps, there is a lowering of severe stunting of 10 percentage points for children 6 months to 3 years old; and 8 percentage points higher take on deworming. Ibig sabihin, iyong mga magulang, mas pumupunta sa health centers at nagpapa-deworm for children under 15, kung saan tumaas ng 8 percentage points.

Ang intake ng vitamins ng mga bata ay tumaas din. Vitamin A supplement for children under 6 increased by 12 percentage points; iron supplements, also for children under 6 increased by 12 percentage points. For weight monitoring, dahil nga mas marami sa CCT beneficiaries ay regular nang pumupunta sa ating health facilities, there is a 20 percentage points higher incidence kung saan ang mga magulang na nagpapatimbang na sa kanilang anak, and a 13 percentage points higher incidence of seeking treatment for childhood diseases. Ito po ang lumabas sa first and second assessments from 2012 to 2014. Ongoing po iyong third wave of assessment, and hopefully by November, lalabas na.

Mme. Speaker, what we are seeing here, because the 4Ps has been here since 2008, and since 2012, in full blast na ito, there was even a 2015 assessment prepared

by the World Bank. In the state of social safety nets report of 2015, they looked into the situation of the 4Ps in the Philippines. May I quote a portion of that report. Ang sinabi po dito:

Poverty in the Philippines is a dynamic phenomenon and many households move in and out of poverty during the year due to factors like calamities, droughts or the advent of the lean seasons.

The poor and vulnerable in the Philippines benefit from what is today one of the largest and best targeted social safety net programs in the world.

Under this assessment, in terms of specifics, the state of social safety nets report pointed out that CCT programs account now globally for 50 percent of beneficiaries in social safety net programs and are now present in 64 countries, and the Philippines has been cited as one of the leading implementors, initiators of this social safety net program. Ito po ang mga pagtatasa na nangyari sa kasalukuyan.

REP. BROSAS. Okay. Mme. Speaker, Mr. Sponsor, sinabi po ninyo iyong mga specific impact pero iyong third wave ay ongoing pa, tama po ba? Ongoing pa ang third wave ng evaluation, so hindi pa natin makita kung ilan na ba talaga iyong nakatawid, ilan na ba iyong nakaahon sa kahirapan. Bago po tayo magle-legislate ng isang batas, hindi ba dapat makuha natin nang buung-buo iyong impact sa ating bayan ng ganitong klaseng batas?

REP. VILLARIN. Iyong third wave ng assessment ito na po, kasi sabi natin na generational itong programa, hindi naman ito overnight.

REP. BROSAS. Yes. For example, Mme. Speaker, Mr. Sponsor, ilan ang bilang ngayon sa listahan mula 2015? Ilan na po ba iyong updating na nagawa ng DSWD kaugnay diyan?

REP. VILLARIN. Of course, we have 4.4 million na nasa listahan or covered ng 4Ps. Ang sinasabi po natin, itong sa exclusion ng mga nasa listahan, umabot na ng around 230,000 families. They were excluded since 2014 because of the problem na hindi talaga sila dapat kasama. Now, on the other side, in terms of sa sinasabi nating transitioning households, ito iyong nakaangat mula doon sa sinasabi nating pagiging extreme, extremely poor households. Meron nang umangat na 1,315,477 households as of 2014. In 2014, ito iyong second wave ng assessment. Of course, hindi kaagad naangat iyong 4.4 million, but the 1,315,477—sorry, that was the 2015 numbers. Ito po iyong talagang

na-assess na umangat from extremely poor, though they are still poor, but nasa near-poor category na, but still vulnerable—kasi ang sabi natin, iyang kahirapan, puwede kang umangat tapos bumaba. Ang situation dito, napaangat natin from an extremely poor na classification, umangat sa near poor. But the colatilla, the difference from the 4.4 million, nandoon pa rin sa situation. The 1.3 million in a way is significant if you look at the nature of poverty na maraming factors.

REP. BROSAS. Mme. Speaker, Mr. Sponsor, naniniwala po ako na nagbabagu-bago iyong kalagayan ng sinasabi nating extremely poor and poor, pero mas delikado nga po ngayon dahil pumalo na ng 5.7 percent ang inflation rate ngayon lang Hulyo. Para sa mahihirap na pamilya, walang ibang kahulugan ito kundi mas kakaunting pagkain sa kanilang mesa dahil hindi naman tumataas iyong kita at ayuda ng gobyerno. Ano ang pag-aaral ng ahensya ng DSWD kaugnay dito at ano ang implikasyon nito kapag nagbibigay tayo ng unconditional cash transfer, ng UCT? May programa tayong ganyan pero hindi naman, kakarampot lang iyon, tapos sumisirit iyong presyo ng bilihin at serbisyo. Hindi ba mahirap ang ganoong kalagayan?

REP. VILLARIN. Tama po kayo. May situation tayo ngayon na tumatama ang inflation sa class D and E, pero ang naging sagot ng pamahalaan ay ang UCT o ang unconditional cash transfer which is different from the CCT Program—a social safety net. The direct subsidies, unconditional subsidies, I think na-release po ito ng gobyerno nang isang bigayan. I do not have the figures but it was released one-time. In fact sa UCT, of course, kasama rin diyan iyong mga naging or nasa 4Ps or mga non-4Ps beneficiaries but still are considered the vulnerable poor, kasama ho sa UCT o unconditional cash transfer na may P600 rice subsidy and P200 voucher for transportation.

In a way, if we look at the inflation rate at paano tumama, sa NCR, medyo kumbaga, na-cushion iyong impact because much of the UCT went through dito sa NCR, but in the rest of the country, of course, highest na may inflation rate will be in regions like the ARMM. As I have said, sa conditional cash transfer, sa 4Ps, all the more na kailangan nating mai-institutionalize dahil nga poverty has many dimensions at iba't ibang level of intervention. The CCT is just one aspect of intervention, marami pa dapat.

In fact, may mga panukala that we also provide social insurance for the poor, meaning, like rural household, agricultural household families. Kapag tumama iyong bagyo, extreme weather conditions, siyempre puwedeng bumaba ang kanilang income. Ang income poverty nila will be affected. Not just the crop insurance, when I say social insurance, it will be another form of support for social safety nets.

Ang sinasabi po ng Representasyong ito, inaamin natin na hindi lang dapat CCT iyong programa, pero ang CCT ay malaki ang naging tulong na maiahon natin from extremely poor to near poor na situation iyong ating more or less 10 million households na nasa kahirapan.

REP. BROSAS. Mme. Speaker, Mr. Sponsor, kung maaalala po natin sa reports ng COA, lumalabas po doon, ano na ba ang nangyari sa assessment ng unclaimed cash grants, unreleased cash, issues sa LandBank, ghost beneficiaries na naging malaking issue kaugnay sa 4Ps? Sinasabi natin na gusto nating tulungan iyong extremely poor pero iyong system na ito ng 4Ps ng nakaraan ay batbat din ng mga ganitong issues. Ano na ba ang aksiyon dito? Mayroon po ba tayong sagot kaugnay dito?

REP. VILLARIN. Doon po sa programa, alam natin na ang downloading ng funds, may areas po o may accounts na upon the observation of the COA last December 31, 2017, mayroon daw 1,889,994 accounts na unwithdrawn or non-moving. But based ho doon sa bago, doon sa DSWD na ginawang validation doon sa parang na-flag ng COA, ang totoo lang na may mga unwithdrawn or non-moving accounts ay 83,196 accounts na may balance above P500 and beyond 181 days. Okay. Doon ho sa remaining 1.889 thousand accounts, mga 1,806,798 accounts iyong may balance of less than P500. So, in general—of course, may kailangan ka rin i-maintain na balance doon sa iyong account, but in other areas po, OTC ang ginagamit. Dalawa kasi iyan eh. Mayroon kang cash card, at iyong isa, OTC. So, ibig sabihin, iyong DSWD ay directly na namimigay. At karamihan ho diyan ay mayroon hong, sabihin natin doon sa mga areas na in a way hindi talaga naseserbisyuhan ng mga financial institutions, mga bangko, pero kasama ho doon sa mechanism, may na-pull-in din na bagong financial institution na Philippine Veterans Bank na tumulong doon sa distribution.

Sa mga cash cards, na-mobilize din po iyong—well, mga coop banks, iyong mga other na mga remittance centers. So, iyon po iyong ginawa so that mas comprehensive or mas maramihan iyong puwedeng maging conduit para po doon sa pag-release noong pondo.

REP. BROSAS. Mme. Speaker, Mr. Sponsor, ano na pong nangyari sa sinasabi ng COA na unliquidated amount of P7.689 billion as of December 2016 para sa period po ng 2012 to 2016?

REP. VILLARIN. Well, doon ho sa sinasabing unliquidated, again, sinasabi po iyong sinabi ko kaninang datos hinggil sa may mga natira, iyong P500

and below, hindi na-withdraw, kasi nga, of course, iyong iba, karamihan naman ng mga household beneficiaries, hindi rin naman kaagad iyan na magsi-zero, kumbaga, iyong uubusin nila iyong na-release for the CCTs.

So, ang situation, well, it was there. Nandiyan ho sa mga accounts iyan ng mga household beneficiaries. Hindi ho ibig sabihin na unliquidated dahil hindi nagastos. Ang sinasabi lang na n-monitor na nandiyan iyong mga accounts, mga karamihan ay less than P500 doon sa kanilang mga accounts. But kung i-total mo nga iyon, malaki. Pero when you break it down, iyong so-called P7 billion, ito ho iyong mga nandoon na sa mga accounts noong 4Ps beneficiaries. Hindi nga lang nagasto pa o na-withdraw.

REP. BROSAS. Ayon po sa Bill, sinu-sino ang magpapatupad ng 4Ps CCT?

REP. VILLARIN. Well, doon ho sa Bill, the lead agency ay iyong DSWD.

In terms of the standardized targeting system, iyong ginawa na pag-target, revalidation of the targeted beneficiaries every three years—so, in a way, the overall supervision and where the program and the budget will be lodged is with the DSWD. But again, there are two other agencies that are also part of the program: the Department of Health dahil nga this is also a health incentive program, at saka iyong Department of Education dahil nga doon sa pagpapapasok sa mga eskuwelahan ng mga bata. Now, for the monitoring, meron hong mga advisory councils that shall be created at the municipal, regional, and national levels composed of representatives from the NAPC, the NEDA, the DBM, the Department of Finance, the LGU concerned, as well as accredited NGOs, and, of course, regular monitoring will be done by the DSWD.

Now, there is also a provision in the proposed Bill to have an independent monitoring committee at the municipal, regional, and national levels to complement the monitoring activities of the DSWD. Iyong IMC po will be composed of representatives of the private sector and civil society organizations. So, these are the sinasabi ho nating mga stakeholder in the implementation of the Pantawid.

On the role of Congress dahil nga gagawin nating ma-institutionalize ito, meron din po tayong itinalaga na 4Ps oversight committee, Joint Congressional Oversight Committee to be headed by the Chairmen of the House Committee on Poverty Alleviation, as well as the Social Justice, Welfare and Rural Development Committee of the Senate.

So, ito ho iyong mga mechanisms to monitor, to deliver the program, services, and we also tap the private sector and CSOs to do an independent monitoring.

REP. BROSAS. Alam ninyo po, ang sinasabi ng COA sa DSWD, ang kanyang suggestion ay i-fast track ang investigation, reassessment of the eligibility of concerned beneficiaries and immediately delist ineligible beneficiaries. Marami pa po siyang sinabi kaugnay dito so as iyong funds ay hindi ma-waste at marami pang iba. Ibig sabihin po, kung ang pangunahin ay DSWD, may capacity ba siyang ganito kung hindi niya pa natatapos iyong third wave na assessment niya at marami pang iba na kailangang asikasuhin katulad nga ng unreleased cash at mga isyu sa bangko?

REP. VILLARIN. Well, again doon ho sa iyong monitoring, iyong assessment, kasi by phases iyon, so iyong third phase ay ginagawa at expected that by November, it will be released. But in terms of the capacity, iyong DSWD is, well, of course, during the deliberations on the Bill ay ang sinabi naman po na they have the capacity, in fact, in terms of the existing programs of the DSWD, sa ngayon, ito hong 4Ps talaga iyong pangunahin, primary na social safety net program. Based na rin sa assessment ay okay. Ang critical dito will also be the organizing of the beneficiaries themselves dahil nga ang role ng DSWD at the level noong municipal, iyong mga municipal link ay okay. And the municipal link ay kailangan nilang regular na pulungin iyong mga parent-leaders. At iyong mga parent-leaders naman, meron din hong mga kagrupong iyan na mga household beneficiaries.

REP. BROSAS. Mme. Speaker, Mr. Sponsor, napakahalaga ng papel ng DSWD samantalang ang kanyang mga empleyado sa kasalukuyan ay humaharap din, ano, so parang 90 percent sa DSWD ay hindi regular or naka-MOA. Iyong magpapatupad po mismo na ahensya ay may usapin pa sa empleyo o sa trabaho. Kaya parang—di ba?

REP. VILLARIN. Guilty, Your Honor. Ibig sabihin, of course, iba iyong, the security of tenure of the 4Ps or the CCT na mga program implementors dahil nga doon ho sa ating istruktura sa ahensya, sa burukrasya kung wala ho iyan sa regular na plantilya, so sila ay mananatiling JO. Mananatili silang program.

REP. BROSAS. Job order.

REP. VILLARIN. Mga job order, mga program.

REP. BROSAS. MOA.

REP. VILLARIN. So, of course, we do not want na ganoong situation na hindi klaro. But again, under ho sa 4Ps, itong institutionalization ng 4Ps, and in fact, ang

colatilla ho natin dito ay iyong 4Ps ay mananatili until 60 percent of the extremely poor na mga households ay maiangat natin sa ganoong kalagayan. So, until na more than, sabihin nating hindi na-achieve iyong ganoong target, patuloy iyong programa. With this law, of course, another round of discussions, negotiations with DBM about absorbing that personnel if ever na ma-institutionalize ito.

REP. BROSAS. Yes, Mme. Speaker, Mr. Sponsor, nagpalabas sila ng circulars, di ba, ang CSC at saka ang DBM ng kamakailan na parang tila baga agency hiring din ang gagawin? So, nakakabahala din po ito sa isang banda. Pero on another topic po, meron po ako ditong minutes of the meeting ng Committee on Poverty Alleviation kung saan—this is the minutes of the third regular meeting of the Committee on Poverty Alleviation held on March 14, 2017, Tuesday, 9:30 a.m. at the Speaker Villar Hall, House of Representatives. Dito po nakalagay na napagkasunduan natin na magkaroon muna ng program outcomes on-site. Babasahin ko po iyong last part noong ano:

At this juncture, upon motion of myself, duly seconded by Honorable Castro, the Body decided to defer further consideration of the 4Ps measures and other related bills and to undertake the proposed round table with 4Ps stakeholders and thence dealt on the program outcomes on-site.

Kasi gusto nga po nating makita at malaman kung ano iyong impact doon sa mga beneficiaries natin, iyong totoo po na kalagayan nila. So, what happened to this? Meron po kaming House Resolution No. 464 kung maaalala ko na nagsasabi na, iyon nga po, para mapag-aralan nang mabuti ay magkaroon muna ng program outcome on-site na hearing.

REP. VILLARIN. Well, as far as I know, the Committee tackled that Resolution. Doon sa Resolusyon na iyon ay isinabay natin dito sa discussions nga, in-integrate sa institutionalization.

Let me go back to the earlier question about workers. Based ho dito sa batas ...

REP. BROSAS. Mme. Speaker, Mr. Sponsor, gusto ko pong malaman, categorically, ay sagutin iyong tanong ko. Anong nangyari doon sa suggestion natin na magkaroon ng on-site hearing?

REP. VILLARIN. Well, the Committee decided po, Mme. Speaker, not to conduct anymore, iyong mga regional...

REP. BROSAS. So, wala nga po.

REP. VILLARIN. ... assessment.

REP. BROSAS. Walang—hindi nangyari.

REP. VILLARIN. Hindi nangyari.

REP. BROSAS. Hindi nagkaroon ng on-site hearing?

REP. VILLARIN. Yes.

REP. BROSAS. Sa mga lugar. Last, ...

REP. VILLARIN. Let me go back ...

REP. BROSAS. Yes.

REP. VILLARIN. ... to the job order—the issue. Dito po sa ating batas, mayroon hong 3,896 as of now, na mga working with the 4Ps, okay, at ito po ang mare-regularize. So, ibig sabihin, by January of 2019, if the law will be passed, may 3,896 na involved na sa ngayon ay naka-MOA, Memorandum of Agreement, or naka-JO na mga workers sa 4Ps ang mare-regularize.

REP. BROSAS. Actually po, iyan po ang tanong namin eh, kasi hindi ba ang DSWD, ang strategy for poverty alleviation, 4Ps, SLPs, SocPen, at mayroon pang iba para ma-achieve niya iyong 14 percent poverty incidence throughout the country. Kailangan niya ang iba't ibang interventions at mga quantifiable results. Iyong major issue po, iyong sinabi natin, ang workforce ay 90 percent contractual or under MOA arrangements.

REP. VILLARIN. Ito na po iyong mare-regularize and, in fact, during the budget ...

REP. BROSAS. Sa agency po.

REP. VILLARIN. Hindi. Ang DSWD kasi ang nasa budget ho ng 2019 proposal ng DSWD.

REP. BROSAS. Baka kailangan po nating i-review kung may expertise ang DSWD natin dito—kung magko-contract ba sila ng mga private groups at ano ang mga gagawin nila para ma-deliver iyong mga poverty alleviation and services na gagawin nila.

REP. VILLARIN. Siguro po, Mme. Speaker, doon ho sa mga iko-contract out, iyong mga tutulong doon sa mga FDS o Family Development Sessions. Doon ho iyan sa mga region sa baba, kung sino iyong pwedeng mag-assist. So, still, it is part of the program, ...

REP. BROSAS. So,

REP. VILLARIN. ... meaning, may mata-tap but you have to base it on, again, the COA guidelines of contracting out consultancy services dahil nga stringent din iyong rules if you contract out consultancy services like to NGOs, and other private sector entities. But, again, iyong tulungan under sa 4Ps ay definitely ita-tap iyong LGUs, mata-tap din iyong NGOs and the private sector.

REP. BROSAS. Kaya, Mme. Speaker, Mr. Sponsor, mahalaga talaga iyong sinasabi nating third wave eh, na what was the outcome at ano po iyong naging output nito, ano po iyong naging nationwide survey natin dito kaugnay sa impact nitong CCT, nitong 4Ps sa mga beneficiaries.

On another topic po, last na—mayroon pong nabanggit na mayroong fungible o hindi project-specific ang loan ng ADB at World Bank na may kaugnayan sa 4Ps. Kung gayon, magkano po talaga iyong napunta sa 4Ps—mula sa P850 million combined loan mula sa ADB at World Bank?

REP. VILLARIN. Mme. Speaker, sorry for that interregnum. Well, the World Bank loan, noong nai-contract out po iyon, pumasok iyan as part of the overall na loan ng NG o ng national government. But the 4Ps is, basically, a GAA-funded program. So, hindi ho mate-trace iyong loan. Wala hong ganoong feasibility dahil nga, I mean, hindi mo ma-break down dahil nga ni-loan iyon, specific na may amount tutulong sa CCT, pero once it enters the fund of the national government, iyong total allocation for the DSWD's 4Ps, doon na ho na-integrate iyong World Bank loan na iyon.

REP. BROSAS. Mme. Speaker, Mr. Sponsor, baka kailangan muna nating maging transparent doon para malaman din ng mga kababayan natin kung saan talaga napunta iyong budget na iyon na sinasabi natin na mula sa P850 million combined loans mula sa ADB at World Bank. Ilan talaga iyong napunta sa 4Ps?

REP. VILLARIN. Well, ito ho ay napunta doon sa 4.4 million na households. Hindi lang natin ma-segregate ang 4.4 million dahil iba ang tumanggap ng World Bank or iyong regular na—but, again, sa budgeting kasi, the amount of the Programmed Funds ay, basically, through the GAA. Wala ho siyang parang separate item na “World Bank.”

So, again, as I have stated, 4Ps can be considered as partially funded by loans from the World Bank and the ADB from 2010 to 2015, 2016 to 2019, but the bulk of CCT funding is from government revenues. The World Bank and ADB loans, presumably, kasi wala namang exact figures, not more than 14 percent of the GAA allocated ang na-budget for 4Ps. Iyong supposed, presumably, na colatilla is that, iyon nga, as I have

explained earlier, iyong loan na iyan ay pumasok sa General Fund ng ating gobyerno.

REP. BROSAS. And there is no way para malaman natin ang specifics niya?

REP. VILLARIN. Iyon po, all loans na pumapasok, they are really included sa GF kasi pumapasok iyan as regular funding of the agency. Now, kapag i-SPF mo iyan, Special Purpose Fund, iyon iyong puwedeng ma-itemize or if ...

REP. BROSAS. So, pupuwede.

REP. VILLARIN. ... loans are contracted ...

REP. BROSAS. ... pupuwede. There is a way para malaman.

REP. VILLARIN. No. Kung ang loan na iyan ay pasok doon sa mga Special Purpose Funds sa ating GAA, ito iyong mga automatic appropriation at ibang mga SPF, but again, as I have mentioned, kung ang mga programs ng mga national agencies ay nasa regular fund or regular budget, the loans that will be incurred for specific programs, papasok talaga siya sa regular budget. And it is disbursed as a part ng regular budget ng agency under sa GAA.

REP. BROSAS. Pero, Mme. Speaker, Mr. Sponsor, hindi ba dapat i-obligate natin na makita talaga natin kung saan napunta? We owe it to the people na malaman exactly kung paano iyon.

REP. VILLARIN. Yes, I think if the loan agreement would, specifically, point out that it should be treated as a Special Purpose Fund or something na hindi mo isinasama sa regular budget, puwede mong matingnan o ma-monitor. But, again, even sa ating mga agency budgets, kung titingnan din natin, most of the programs are talagang nasa regular budget and kailangan niyang dumaan sa appropriation o sa Kongreso. Hindi iyong parang reserved fund or sinasabi nating separate na fund na inilalagay specifically for that, unless sabihin natin na it is an infrastructure project na very clear iyong outcomes, very clear kung saan siya ilalagay, mayroong ganoong delineation. Like for the DPWH, may mga national road programs funded by the World Bank, but very specific kung saan ilalagay iyong NRP na iyon, kung anong district, anong province.

REP. BROSAS. Kaya po mas nakababahala iyan ngayon dahil baka magamit for patronage politics, hindi ba? Alam naman po natin na malapit na ang eleksyon. Kapag hindi natin malaman kung saan talaga napunta o ginamit for 4Ps—iyon po iyong tanong eh, hindi ba?

REP. VILLARIN. Well, ah ...

REP. BROSAS. Kaya mas transparent, mas accountable, mas okay.

REP. VILLARIN. Well, as I have mentioned, all the social protection programs, generally, ito ho iyong tulong—either in the form of subsidies or incentives, o conditional cash grants, like the CCT—ito po ay regular agency o regularly funded programs. So, parang ang nangyari ngayon, siyempre hihingi ng support, ng ayuda, but this one, again, ay kailangang dumaan sa proseso at ang proseso nga, ang existing process, siya ay papasok sa General Fund ng ating government. And I think that is also established sa General Accounting Principles. Iyong sa budget, well, we have the laws on budgeting, so pumapasok siya.

Now, of course, transparency—ang sinasabi natin dito, iyong World Bank and ADB loans, mayroon naman hong breakdown, how much is the interest. Of course, very specific na po ito. We can provide the interpellant ng copy of this breakdown.

REP. BROSAS. Okay.

Mme. Speaker, Mr. Chair, siguro panghuli na lang. Nais ko lang sabihin na ang dami-dami pang problema kaugnay diyan. Tapos hindi itinuloy iyong mga on-site hearings. Iyon po ay inaabangan sana ng Representatibo na ito. Alam po natin, Mme. Speaker, na simula't sapul ay naging kritikal na ang GABRIELA Women's Party sa pagpapatupad noong 4Ps dahil pantapal lamang ito sa butas na butas na bulsa ng mga kababaihan at ng kanilang pamilya. Taun-taon, bilyun-bilyon ang ibinubuhos na pondo sa 4Ps pero nananatili ang malawak na kahirapan at patuloy na nangingibang-bansa ang maraming Pilipino. Disente at regular na trabaho po ang panawagan ng ating mamamayan at hindi cash grants ang kailangan ng mamamayan natin. Kaya matibay ang aming posisyon na isalang sa mahabang deliberasyon talaga ang House Bill No. 7773 o ang institusyunalisasyon ng 4Ps.

Maraming salamat, Mme. Speaker. Maraming Salamat, Mr. Sponsor.

REP. VILLARIN. Thank you, Mme. Speaker, and thank you, Honorable Brosas for that interpellation and insights.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The Majority Leader is recognized.

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we recognize the Hon. Jose L. Atienza Jr. of the Party-List BUHAY for his interpellation.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The Honorable Atienza is recognized for his interpellation.

REP. ATIENZA. Maraming salamat po, Mme. Majority Leader. Thank you, Mme. Speaker.

With the kind indulgence of the Sponsor, I would like to ask some questions.

REP. VILLARIN. Well, it is an honor to be interpellated by Representative Atienza of the BUHAY Party-List.

REP. ATIENZA. Unang-una po sa aming hinahanapan ng sagot, magkano po ba ang nakikita ninyong pondo na kakailanganin nitong batas na ito kung ito ay ipapasá natin taun-taon?

REP. VILLARIN. Based po sa projection, for 2018 po ay mayroon na tayong budget na P89.4 billion and ang coverage po niya ay 4.4 million households. For the 2019 NEP, kasi nga po GAA-funded, based sa NEP, ito ay P88,000,000,106, so bumaba pa ho siya nang kaunti.

REP. ATIENZA. Did I correctly hear P88 billion?

REP. VILLARIN. Eight-eight billion, P88 billion.

REP. ATIENZA. Eight-eight billion?

REP. VILLARIN. Opo.

REP. ATIENZA. Tama po ba iyon? Eight-eight billion?

REP. VILLARIN. Opo, P88 billion.

REP. ATIENZA. For one year?

REP. VILLARIN. For one year.

REP. ATIENZA. Tayo po ay maglalaan ng P88 billion dito sa batas na ito kung ito po ay ating aaprubahan?

REP. VILLARIN. On the average po iyan. But again, it would increase over time but for next year, it just will hover between 88 to 89.

REP. ATIENZA. Sa taong ito ay magkano po ba ang nakalaan for the program?

REP. VILLARIN. For this year po ay mayroon tayong P89,000,408,000.

REP. ATIENZA. Fifty-nine billion?

REP. VILLARIN. Eighty-nine.

REP. ATIENZA. Eighty-nine billion. So, in other words, ang iniisip po natin ay gawin nating taun-taon, kasama na sa appropriation ito? Tama po ba iyon?

REP. VILLARIN. Opo. Papasok siya as part ng ating regular appropriations.

REP. ATIENZA. Ano po ang advantage noong gagawin nating batas na kasama na sa ating national appropriation kumpara sa kasalukuyang sistema na ipinapasá naman natin, binibigyan natin sila ng salapi on the basis of need? Kailangan, eh di bigyan. Papaano po kung ito ay bahagi na ng ating taun-taong appropriation, eh di wala na po tayong paraan upang ito ay—o kung dumating ang panahon na kailanganin na natin itong tapusin?

REP. VILLARIN. Mayroon naman hong gagawin batay sa ating batas. Una, bakit kailangang i-institutionalize o isabatas? Kasi po posible na biglang mawala, i-cut, and you have 4.4 million households so, in a way, kailangan na mayroong klaro na phaseout period.

Now, in the proposed law, the transition or the phaseout period ay based doon sa appropriations provision. If iyong extremely poor, 60 percent of the targeted household, ay makaahon ho from being extremely poor, iyan po iyong indicator ng pag-phase out ng program. Of course, ang sinasabi ho natin na “extremely poor” na kalagayan ng mga household ay batay ho doon sa both iyong kanilang food needs and non-food needs. Sa Congress, ang inilagay po natin dito sa institutionalization ay may regular na gagawing oversight over the law. Ang habol lang natin, hindi mabibigla or biglaan na mawala iyong programa.

REP. ATIENZA. Ang tanong po ng marami at ang tanong ko rin po ay, ano ang advantage na ii-institutionalize natin sa kabila ng puwede namang taun-taong sinusuri natin ang kalagayan ng ekonomiya, kalagayan ng ating mga mamamayan at pagbibigay at paglalaan ng kaukulang pondo? Ano po ba ang advantage nitong batas na ito against what has been practiced from the beginning of the program during the time of President and now Speaker Arroyo?

REP. VILLARIN. Well, again, as in other programs, there is the issue of predictability, I mean, for the government, in terms of planning, in terms of looking at the program year by year. Kasi, unang-una po, ang programa, before this Bill, is basically an Executive action. Now, here comes this Bill institutionalizing the program. When we institutionalize, we, in a way, make the program predictable in terms of its allocation,

in terms of determining the stakeholders, as well as when the program will be monitored, the pacing of the program. So, in effect, iyong isang ahensya, DSWD, hindi ho sila mabibigla, na baka bigla next year, wala na iyong programa, I mean, Congress becomes ...

REP. ATIENZA. Sa aking pagkakaintindi po, Mme. Speaker, ang katagang “institutionalizing” ay permanente, dahil ang institusyon ng kasal ay permanente, ang institusyon ng pamilya ay permanente, ang institusyon ng pananampalataya ay permanente. Kapag sinabi nating “institutionalizing,” ibig sabihin, permanente na itong programang ito. Ganoon po ba ang inyong pakiwari, pakiramdam o pananaw?

REP. VILLARIN. Well, this program nga ay may clear parameters that say kailan ho siya matatanggal. The parameter is the extremely poor, kung ilan sa ating extremely poor ang maiaahon from that extremely poor condition. So, that is one major indicator. Of course, the poor will always be with us, and even the Bible says the poor will always be with us. Now, in this program, what we are targeting is—there is a specific class of households na gusto nating mapatawid, and right now, it is very specific—4.4 million households.

Ang kritikal dito, because Congress can enact this institutionalization law and Congress can also determine when the program will end based on its oversight, then, of course, the bottom line here is Congress still has the last say when or for how long the program will last. Again, there are clear parameters that are being established under this proposal and one of that parameters is that of 60 percent of extremely poor households, of the 4.4 million, ay ating maiaahon.

REP. ATIENZA. Hindi po ba mas maganda iyong isipin nating darating ang araw, ang Pilipino ay mamumuhay na rin nang ayon sa plano ng Panginoon: masaya, maunlad, may trabaho, at hindi mangangailangan ng subsidiya katulad po nito? This is a subsidy program that we are institutionalizing. I would rather think that after 10 years, ang Pilipino ay hindi na mangangailangan ng tulong na katulad nito sapagkat mayroon nang trabaho na pagkakakitaan niya ng salapi nang hindi siya umaasa sa ibibigay ng gobyerno. Hindi po ba mas maganda sa ating damdamin, sa ating mga Pilipino, na iyan ang panaingin natin, na itong programang ito ay temporary? Habang mayroong mahihirap ay pipilitin nating panatilihin ito, pero magsikap tayo. Kaya mayroon po ditong education component, hindi po ba? Mayroon din ditong values orientation, I am sure, dahil binibigyan natin ng katatagan at tiwala ang bawat mamamayan na tayo ay

uunlad sa ating pagsisikap. Pero kapag sinabi nating ginawa na naming permanente iyang programang iyan, eh parang nakawawala ng tiwala sa ating kakayahan. Parang sinabi na ninyo na kayong mahihirap ngayon, mananatili kayong mahirap, dahil hindi na kayo aangat kailanman. Mayroon na kaming ilalaang pera taun-taon na nakasama na po sa ating mga batas.

Do you not think that it would be very restrictive of the imagination and the dreams of every citizen for a better life, as you are rather, allocating them to a sector that is intended to be poor and be given subsidy by the government?

REP. VILLARIN. Well, again, ...

REP. ATIENZA. Hindi po ninyo nakikita iyon?

REP. VILLARIN. Ang nakikita po natin dito, may mga sektor talaga na ang ibig sabihin ay hindi nakaka-break out sa cycle ng poverty. So, iyon po iyong tina-target natin. Ang ibig sabihin ay lolo pa nila ay mahirap na. Ngayon, may mga kalagayan, una diyan na naaapektuhan, ang una, iyong kulang na. Hindi makaahon sa kahirapan dahil iyong edukasyon, hindi talaga nakatapos dahil sa kahirapan. Imbes na mag-aral iyong bata ay magtrabaho na lang.

So, ang point ko ho rito, Mme. Speaker, good Congressman Atienza, is what we are seeking here is this. This is an investment. Investment po doon sa isang sektor ng ating lipunan na nangangailangan ng ayuda, okay, at iyong ayuda na iyan, we are confident that at a certain point, and in a way, we have indicators when that point in time will come, at maiaahon natin sila doon sa extremely poor situation. Given that, kapag natapos nila iyong K to 12 na pag-aaral at makapag-aral iyong bata, and because we have free tertiary education, at sila ay maka-graduate doon sa extremely poor nilang kalagayan—hindi po naman ito open-ended na programa, because the 4.4 million, as I have said, nagsimula ho iyan noong 2008 na 300,000 families, then by 2012, so in effect po, itong ating panukala, more or less, ay tatagal ho ito ng five years, iyong ating programa.

REP. ATIENZA. Iyon po ang sa palagay ko ay hindi natin mapagtutugma. Iyong pananaw ninyo na naniniwala kayo na ito ay kakailanganin ng pangmahabaang panahon. Ang amin po namang paniniwala, given a good leader, given a good government, and removing corruption in government, uunlad na po tayo. Nandoon na po, kailangan lang po na magkaroon pa ng dagdag na lakas ang mamamayan at tiwala sa ating kakayahan at tuluy-tuloy na po ito. Ngayon, bibigyan natin ng ganitong component ang ating batas sa pamamagitan nitong institutionalization of poverty ay hindi ko po nakikita iyong sinasabi ninyong benepisyo.

Alam ko po ang inyong layunin noong ito ay ipinanukala, at nag-participate din po ako noong mga panahong nakaraan sa Kabinete ng dating Pangulo. Ang pondo noon kung hindi ako nagkakamali ay nasa milyon lang, mga 60 milyones. Ngayon, we are talking about P89 billion every year at lalaki nang lalaki iyan. So, we are actually seeing a deteriorating Philippines rather than a stopgap measure to bridge families suffering from poverty to a better condition.

Hindi po ba ang layunin nito ay dalhin ang mahihirap sa isang mas mataas na antas ng buhay? Tama po ba iyon?

REP. VILLARIN. Tama po iyon, at iyong intervention po na iyan ay sinasabi nating targeted doon sa investment natin sa kalusugan noong pamilya na iyan at doon ho sa pag-aaral upang makatapos iyong mga anak nitong extremely poor ng up to Senior High School. So meaning, even the target, hindi naman ibig sabihin na kung tapos na iyong anak nila sa high school ay patuloy pa rin sila sa programa. Or, kapag iyong 60 percent na sinasabi nga nating extremely poor—now, as to other programs po, kasi ang gusto nating tingnan ay iyong macro na kalagayan ng ating ekonomiya at paano makatulong. Mayroon hong ibang mga programa ang gobyerno diyan. In fact, we need fiscal policies to improve, investment policies. We also need to improve iyong sinasabi nating revenue generation and efficiency in tax collections. These are complementary measures na gusto nating mapalago iyong ating kabuuang ekonomiya. But again, even if lumago iyong ating kabuuang ekonomiya through these other measures, pero kung itong 4.4 million ay hindi natin matutukan at hindi maalalayan kahit na lumago—kasi even ang growth rate po natin ay hindi naman talaga iyan nagti-trickle down, makakatulong itong social safety net na iyan para itong kumbagang hindi kasama sa growth na ito, mangyari ay maisama natin. So alalay ho ang habol natin dito.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker, I join the Gentleman, Sponsor, as far as that objective is concerned. Iyon nga po iyong layunin nito eh. Ang kine-question po ng inyong lingkod ay iyong katotohanang bakit kailangang isabatas ang isang programang supposedly temporary or as a bridge? Ano po ba ang ibig sabihin ng “pantawid”? Temporary, hindi po ba? Maitawid natin sa paghihirap ang ating mga kababayan. At this point, anyway, we can debate on this issue lengthily at hindi rin tayo magkakasundo sapagkat sa aking pagkakaintindi, maganda po iyong temporary lamang po ito at hindi permanente. Kayo, naglalayon kayong gawing permanente na ito.

At this point, the object of the program and our common interest is to find out how effective it is. Ito po ba ay nakatulong talaga sa mga mahihirap na pamilya? At kung ito po ay nakatulong, mayroon po ba kayong figures on how it has helped improve the quality of life of the beneficiaries?

REP. VILLARIN. Mayroon ho tayong mga pagtatasa or mayroong ginawang pagtatasa dito sa programa. Again, iyong indicators in terms of quality of life, dahil nga ito ay nakatutok sa investment sa health at saka sa education, mayroon hong mga pagbabago or improvements: Una, iyong pag-access ng mga households doon sa mga government facilities ay tumaas po. Ang sa mga bata naman, may specific na pagtasa na kung saan—like iyong malnutrition or underweight na mga bata ay nag-improve. So ibig sabihin, doon ho natin name-measure. Now, as to overall na quality of life, there are other factors na kailangan ding tingnan, but this intervention, because it is directed to an investment in health and education, then the focus of the assessment would be on that. So whatever inputs, the outputs should be measured based on the inputs, the targeted inputs on health and education.

REP. ATIENZA. Sa tingin po ng kagalang-galang na Congressman Villarain, kumokonti po ba ang mahihirap ngayon dahil sa programang itinutulong natin sa kanila?

REP. VILLARIN. Noong 2015 po, mayroong 1.4 million iyong sinabing from extremely poor ay naiahon ho sa ganoong kalagayan—of the 4.4 million. So ang mayroon ho, batay sa inyong tanong, mayroon ho tayong natulungan at naiahon because of this program.

REP. ATIENZA. Hindi po, ang tanong ko po ay nakakatulong po ba ito upang lumiit ang sektor ng mahihirap sa Pilipinas?

REP. VILLARIN. Well, in terms of poverty incidence po, 2009, it was 26 percent; 2015, it was 21.6 percent. So mayroon hong contribution doon sa pagliit while it cannot be attributed alone to the 4Ps na nakatulong dito. But based na rin po sa studies, malaki ang naitulong ng 4Ps dito sa pag-reduce ng poverty incidence.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker, I would like to be clarified, sino po ba ang primary beneficiary targeted by the 4Ps ngayon? Alam ko po iyong targeted beneficiary noon, pero ngayon, sino po ba ang targeted beneficiary nito?

REP. VILLARIN. Well, ang targeted beneficiary natin ay iyong nasa extremely poor na category. So, meaning, the extremely poor, based ho sa definition, ito iyong mga household na, in terms of food intake, okay, iyong food needs nila, hindi mami-meet iyong daily food intake needs. Pangalawa, extremely poor, also because iyong kanilang non-food needs ay hindi rin mami-meet. So, based sa global na classification, these are the families earning daily na mga \$1.90.

REP. ATIENZA. So, ang targeted beneficiary, up to now, are the poorest of the poor.

REP. VILLARIN. Yes.

REP. ATIENZA. How do you define the poorest of the poor?

REP. VILLARIN. When we say the poorest of the poor, puwede hong doon sa income definition, but in the 4Ps, it says the extremely poor, so that is the poorest of the poor. When you said, “Sino iyan?” It is based on iyong measure nga, the indicators of hindi matugunan iyong food and non-food needs and it is based also on, well, a test. I mean, in a specific community, mayroon hong sino-survey at tina-target, at ina-identify based on a proxy means test.

REP. ATIENZA. Iyon po bang mga natutulog sa kalsada ay kwalipikado rin sa programang ito ngayon? Kasi noong unang panahon, kwalipikado sila. Ngayon, tinatanong ko ang kagalang-galang na Sponsor, do you envision the poorest of the poor—the families with no home, no shelter, no roof, no food, no job—are they still qualified to avail of this program...

REP. VILLARIN. Yes.

REP. ATIENZA. ... or you now have disqualified them?

REP. VILLARIN. Well, isang katangian, iyong nabanggit ninyo, iyong homeless, they are still part of the CCT Program because, iyon nga, they fall under the poorest of the poor. And, in fact, the DSWD, aside from the CCT, mayroon namang ipino-provide na provisional housing for these, well, these poorest of the poor na ang naging problema talaga ay hindi ba paikut-ikot sila, natutulog sa ilalim ng mga bridge, ng mga tulay, so kinukuha din sila. And if these provisional homes are provided, then they will qualify doon ho sa Modified CCT Program ng 4Ps.

REP. ATIENZA. Sa palagay ko, hindi rin kami magkakasundo rito, Mme. Speaker, because right now, lalabas lang ako ng Congressional Road, pupunta ako sa mga landas papuntang Maynila, marami po akong madadaanang homeless at kapag umuulan, talagang nakakaawa sapagkat sila ay nababasa, nanlalamig sa gutom, walang kakainin sa gabing daraan. I would consider them the poorest of the poor.

Kapag nakakakita po ako nito, binababalaan ko at itinatanong ko sa kanila, “Kayo ba ay nakikinabang sa programang Pantawid Pamilya?” Mme. Speaker, ang sagot sa akin ng 99.9 percent, “Hindi po namin alam iyon.” “E bakit kayo nandito, bakit hindi kayo pumunta sa Social Welfare?

Mag-apply kayo. Kung hindi ninyo alam, sinasabi ko sa inyo, bilang isang Congressman, may nakalaang pera sa inyo.”

Ang tanong ko po ay: “Ang Social Welfare po ba ay umiikot para tingnan itong kalagayan ng mga kababayan natin?” Huwag silang lalayo dito sa Metro Manila, lalo na sa Maynila, pumunta kayo sa gabi dito sa Metro Manila, lalo na sa Maynila. Pumunta kayo kapag gabi, at punung-puno ng homeless iyong Roxas Boulevard. Iyong Luneta, ganoon din po, malaking dormitory na po ngayon iyon ng mga homeless. At iyong mga kalyeng daanan ng mga sasakyan, kitang-kita ng mga motorista ang mga mahihirap na hindi na umangat-angat sa kanilang kabuhayan sapagkat hindi sila naaabot ng pera na nakalaan po rito sa programang ito.

Kaya ako po ay mayroon talagang agam-agam. Bakit natin gagawing permanente itong programa eh hindi naman tayo nakakakita ng pagbabago? Parami nang parami ang homeless families, at hindi po nababawasan. Baka mayroong taga-Social Welfare dito ngayong gabing ito ay tingnan po ninyo ang kalagayan ng mga poorest of the poor para pagdating ng budget ng DSWD ay masagot na ninyo nang tuwiran ito.

I have statistics on my hand. I have personal knowledge with me. Hindi po natutulungan ang mga mahihirap na tunay dito sa 4Ps. Kaya kung bibigyan pa natin ng permanenteng status itong batas, napakahirap pong lunukin. Mas maganda sigurong ilaan na po ito sa pagkain ng mahihirap, sa bubong ng mga mahihirap, at sa kanilang gamot na kailangan, at hindi na po itong programang titingnan natin. Maganda ang layunin nitong ating pinag-uusapan, at puro maganda ito, pero hindi po nakararating sa kinauukulan.

So, I question the effectiveness of the program, and I find it very difficult to understand why we must support an act that will institutionalize the program, which should be judged on a year-to-year basis. Kailangang may report. Mayroon tayong appreciation na mayroon talagang natutulungan. Ituloy natin. Nagkakaisa naman tayo sa kagustuhang tumulong sa mahihirap, pero hindi po iyong automatically na gusto ninyong maglaan tayo ng salapi as a matter of right, rather than as a matter of need.

REP. VILLARIN. Batay ho sa inyong karanasan, Representative Atienza, I think there are also other programs na ginagawa po iyong ating pamahalaan, dahil po iyong nabanggit ninyo na mga homeless, ito ho talaga iyong, una, wala hong income. They do not have income whatsoever. Wala ho silang abode o tinutuluyan, so in a way, iyong kanilang capability or capacity to help themselves ay talagang very poor, very low. So, iba hong kategoriya iyon. At mayroon tayong Modified CCT Program targeting this. In fact, sa NCR, sa ngayon, iyong covered ng Modified CCT, meaning, ito hong mga sinasabi nating homeless, there are 4,629 households, kasama na ho iyong mga bata diyan.

Now, as to the regular CCT ho, ang sinasabi natin dito, of course, ang natutulungan dito ay mga household na mayroon pa rin silang income, or source of income, but dahil nga hindi sapat, iyong kanilang mga anak ay hindi muna nila pinapag-aral. So, ito ho iyong CCT na aayuda doon sa mga sinasabi nating low-incomed poor na mga household na hindi matugunan iyong kanilang household food and non-food needs daily. But the conditions of, noong nabanggit ninyo pong mga homeless, iyong talagang walang trabaho, namumulot lang ng basura or nanghihingi ng pagkain sa kalye, may iba rin hong programa ang DSWD diyan dahil nga mas—ito ho iyong talagang charity or talagang programa na kailangan mong tugunan immediately iyong sitwasyon nila.

So, while the 4Ps is really parang an investment program po doon sa mga targeted na household, targeting children, and pregnant women, ito po iyong regular CCT, mga 4Ps households na with children.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker, due to the lateness of the hour and noticing that we have a dwindling number of Members on the floor while we are discussing a very critical and possibly essential measure, kailangan lang po nating i-adjust nang konti para maging makatotohanan at hindi po maging aksaya lang ng salapi ng bayan. So, I am moving that we suspend the deliberations and the interpellation, but I would like to reserve the right when we open up the subject again next week, that this Representation be given more time to clarify essential questions.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The Majority Leader is recognized.

REP. MARCOLETA. Mme. Speaker, I move that we approve Journal No. 8, dated August 7, 2018.

SUSPENSION OF SESSION

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The session is suspended.

It was 5:41 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 5:41 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The session is resumed.

SUSPENSION OF CONSIDERATION OF H.B. NO. 7773

REP. SALO. Mme. Speaker, I move to suspend the consideration of House Bill No. 7773.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we recognize the Honorable Ariel “Ka Ayik” B. Casilao of ANAKPAWIS Party-List.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The Gentleman is recognized for a brief manifestation. You are given five minutes.

REP. CASILAO. Yes. Thank you, Mme. Speaker.

Just a brief manifestation since I received and read the copy of House Bill No. 7735 to be subjected for Third and final voting. I would like to address this manifestation to the Plenary Affairs Bureau or to the Committee on Rules that my name is still included as principal or coauthor of this measure while I have already filed my withdrawal last May 17, 2018, and before I started my interpellation for the Second Reading of this measure, I also registered strongly my withdrawal of this measure.

So, Mme. Speaker, please advise or instruct the proper committee preparing this document to delete my name or to reproduce and resubmit another.

Thank you.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The manifestation is noted, and the committee will be instructed to do so.

The Majority Leader is recognized.

OMNIBUS CONSIDERATION OF HOUSE BILLS ON SECOND READING

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we consider bills under the Calendar of Business for Thursday and Friday. Mme. Speaker, pursuant to our rules, allow me to put forth an omnibus motion for the consideration of the following House Bills; to consider the respective Explanatory Notes of the bills as the sponsorship speeches thereon; to close the period of sponsorship and debate, there being no Member who wishes to speak against the measure; to open the period of amendments; to approve the Committee amendments, if any; to approve the individual amendments submitted to the Committee on Rules, if any; to close the period of amendments, and to approve the same on Second Reading:

1. House Bill No. 7734, contained in Committee Report No. 738;

2. House Bill No. 7786, contained in Committee Report No. 766;

3. House Bill No. 6979, contained in Committee Report No. 773;

4. House Bill No. 7818, contained in Committee Report No. 775;

5. House Bill No. 7827, contained in Committee Report No. 779;

6. House Bill No. 7828, contained in Committee Report No. 780;

7. House Bill No. 7844, contained in Committee Report No. 781;

8. House Bill No. 7845, contained in Committee Report No. 782;

9. House Bill No. 7847, contained in Committee Report No. 784;

10. House Bill No. 7866, contained in Committee Report No. 788;

11. House Bill No. 7869, contained in Committee Report No. 789;

12. House Bill No. 7871, contained in Committee Report No. 790;

13. House Bill No. 7877, contained in Committee Report No. 792;

14. House Bill No. 7891, contained in Committee Report No. 795;

15. House Bill No. 7901, contained in Committee Report No. 796;

16. House Bill No. 7978, contained in Committee Report No. 803;

17. House Bill No. 7979, contained in Committee Report No. 804;

18. House Bill No. 7987, contained in Committee Report No. 805; and

19. House Bill No. 6319, contained in Committee Report No. 806

I so move, Mme. Speaker, Your Honor.

VIVA VOCE VOTING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). As many as are in favor of the approval of the aforementioned bills enumerated in the omnibus motion, please say *Aye*.

SEVERAL MEMBERS. *Aye*.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). As many as are against, please say *Nay*. (*Silence*)

OMNIBUS APPROVAL OF HOUSE BILLS ON SECOND READING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The *ayes* have it; the aforementioned measures are approved on Second Reading. *

The Majority Leader is recognized.

RATIFICATION OF CONF. CTTEE. RPT. ON H.B. NO. 6031

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, we are in receipt of the Conference Committee Report on the disagreeing votes on House Bill No. 6031.

May I ask that the Secretary General be directed to read only the title of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.*

The Secretary General is directed to read only the title of the measure.

With the permission of the Body, and since copies of the Conference Committee Report have been previously distributed, the Secretary General read only the title of the measure without prejudice to inserting the text of the report in the Congressional Record.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 6031 entitled: AN ACT MANDATING THE INTEGRATION OF THE MAASIN CITY COLLEGE INTO THE SOUTHERN LEYTE STATE UNIVERSITY.

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we ratify the said Conference Committee Report.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Conference Committee Report is ratified.

DESIGNATION OF MEMBERS TO THE CONF. CTTEE.

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we designate the following as members of the Conference Committee on House Bill No. 6617 and Senate Bill No. 1390 on Strengthening the Philippine Comprehensive Policy on HIV-AIDS. They are Reps. Angelina "Helen" D.L. Tan, Sandra Y. Eriguel MD, Estrellita B. Suansing, Ron P. Salo, Kaka J. Bag-ao, Pia S. Cayetano, and Cecilia Leonila V. Chavez.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

RECOMMITMENT OF H.B. NO. 7184 TO THE
CTTEE. ON NATURAL RESOURCES

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, as requested by its author, Rep. Victor A. Yap, I move that we recommit House Bill No. 7184, under Committee Report No. 609, to the Committee on Natural Resources. I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

CHANGE OF REFERRAL
OF CERTAIN MEASURES

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move for the change of referral of the following measure: House Bill No. 7705, entitled: AN ACT SUPPORTING MODERN BIOTECHNOLOGY FOR SUSTAINABLE RURAL DEVELOPMENT IN THE PHILIPPINES AND APPROPRIATING FUNDS THEREOF, from the Committee on Agriculture and Food to the Committee on Trade and Industry.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

DESIGNATION OF MEMBERS
TO THE CONF. CTTEE.

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we designate the following as members of the Conference Committee on House Bill No. 5556: Reps. Franz E. Alvarez, Xavier Jesus D. Romualdo, Sherwin N. Tugna, Jose “Pingping” I. Tejada, Luis “Jon-Jon” A. Ferrer IV, and Alfredo A. Garbin Jr.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we include additional coauthors to House Bills No. 7773, 7774, 7823 and 7857, as contained in the list to be submitted by the Committee on Rules.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

APPROVAL OF THE JOURNAL

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I would like to reiterate the motion to approve Journal No. 8, dated August 7, 2018.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

Journal dated August 7, 2018 is approved.

SUSPENSION OF SESSION

REP. ROA-PUNO. I move to suspend the session, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The session is suspended.

It was 5:50 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 5:53 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The session is resumed.

The Majority Leader is recognized.

ADJOURNMENT OF SESSION

REP. MARCOLETA. Mme. Speaker, I move that we adjourn the session until three o'clock in the afternoon of Monday, August 13, 2018.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). Is there any objection? (*Silence*)

REP. MARCOLETA. At three o'clock in the afternoon.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Alvarez, M.). The Chair hears none; the session is adjourned until Monday, August 13, 2018, at three o'clock in the afternoon.

It was 5:53 p.m.